# Pagsusuri ng Pelikula

**A.**

**Pamagat ng Pelikula**

- Everything about her

**Direktor**

- Bb. Joyce Bernal

**Prodyuser**

- Charo Santos-Concio, Malou N. Santos

**Pangunahing Tauhan**

- Vilma Santos bilang Vivian Rabaya
  - Protagonistang babaeng karakter
  - Work oriented at matagumpay na negosyante
- Angel Locsin bilang Jaica Domingo
  - Protagonistang babaeng karakter
  - Family oriented at isang Nars
- Xian Lim bilang Albert Mitra
  - Protagonistang lalaking karakter
  - Anak ni Vivian Rabaya

**Tema ng Pelikula**

- Pamilya

- Pagmamahal
- Trabaho
- Sarili


**Buod ng Pelikula**

- Ang pelikula ay nagpapakita ng buhay ng isang mayamang neogsyante na si Vivian (Vilma Santos). Napag-alaman niya na siya ay may malabuhang sakit na Cancer. Kinuha niya si Jaica Domingo (Angel Locsin) para maging kaniyang maging personal na nars. Ngunit mas malaki ang naging paprl niya sa buhay ni Vivian ng maging tulay ito para sa pagbabati nila ng kaniyang anak na si Albert (Xian Lim) na napabayaan niya ng matagal na panahon dahil siya ay nakapokus lamang sa kaniyang trabaho.

**Pangkalahatang Impresyon sa Pelikula**


**Musika**

- Ang mga musikang ginamit ay mayroong kaugnayan sa emosyong ipinapadama sa pelikula.
- Ito ay naaangkop sa bawat senaryo at tema ng pelikula
- Katulad na lamang noong ipinatugtog ang kantang “Something I need” na may masayang tempo, isinisimbolo nito ang pagkakaroon ng taong makakasama sa kabila ng bigat ng mga pangyayari sa buhay natin



**Sinematograpiya**

- Mapapansin na ang halos lahat ng eksena sa pelikula ay maliwanag na nag-complement sa krakter at tema ng pelikula na ‘comedy’
- Mapapansin din sa bawat malulungkot na eksena ay dinidiliman nila ang lighting
- Mas binibigyaang diin ditto ang bawat emosyon ng karakter at ang kanilang characteristics




**Banghay ng Pangyayari**

- Sa kabuuan, ang banghay  ng pelikula ay naging maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga scenes at hindi ito mahirap unawain
- Humihila ito ng interes sa mga manonood upang mas lalo itong panoorin at matapos han



**Diyalogo**

- Ito ay ginamitan ng mga bulgar na salita ngunit ito naman ay naaangkop upang mas lalong maging makatotohanan ang kanilang karakter at ang mga scenes
- Hindi naging malalim ang mga ginamit na salita o lenggwahe kung kaya't mas madali itong maintindihan ng mga manonood
- Naging mahusay ang pagkakadeliver ng mga gunanap sa pelikula sa kanilang mga linya




**Visual Effects**

- Makikita sa buong pelikula na madalas matingkad na pulang lipstick at pormal na pormal ang mga sinusuot na damit ni Vilma Santos upang mabigyang buhay ang kaniyang karakter na matapang, msungit at bossy.
- Samanrtala ang karakter naman ni Angel Locsin ay mapapansing simple lang ang kaniyang pananamit na umakma sa kaniyang karakter sa pelikula.



**Dulog Realismo**

- Ang pelikulang Everything About her ay ginamitan ng realismong dulog sapagkat ipinakita rito ang makatotohanang ganap sa isang pamilya at ang kahirapang dinaranas ng mga nars sa ating bansa at kung gaano kahirap humanap ng matinong trabaho.

**Dulog Feminismo**

- Gumamit din ito ng Feminismong dulog sapagkat ang dalawang protagonistang krakter ay parehas na babae. Mula sa kanilang punto de bista ay ipinakita sa pelikula kung gaano kahirap maging isang babae sa ating lipunan. Ipinakita rin ang struggles bilang isang nanay.

**Mga aral na nais ipabatid**

- *Iparamdam ang pagmamamahal sa iyong pamilya hanggat maaga.* Walang mas mahalaga pang regalong matatanggap sa ating buhay kundi ang pamilya. Mas magandang palagi nating iparamdam sa kanila na sila ay mahalaga at mahal natin sila hanggat maaga pa at bago mahuli ang lahat.
- *Babaan ang pride.* Hindi sa lahat ng oras ay kailangang ikaw maghintay para humingi sayo ng tawad ang isang tao. Sabi nga nila “be the bigger person” at matuto tayong umintindi.

## Pagsusuri ng Pelikula

**A.**

**Pamagat**

- Hello, Love, Goodbye

**Direktor**

- Cathy Garcia-Molina

**Prodyuser**

- Carmi Raymundo, Olivia Lamasan, Carlo Katigbak, John Leo Garcia, Ella A. Palileo, Charmaine Censon

**Pangunahing Tauhan**

- Kathryn Bernardo bilang Joy Fabrigas
    - Isang ofw sa Hongkong
- Alden Richards bilang Ethan del Rosario
    - Isang ofw sa Hongkong

**Tema**

- Pagmamahalan
- Pamilya
- Sarili

- Pangarap

**Buod ng pelikula**

- Isa itong love story ng dalawang Filipino na nagtatrabaho sa Hongkong. Si Joy bilang domestic helper at si Ethan bilang bartender. Nais ni Joy na makapag-aral sa Canada kaya kahit mahirap na mawala'y sa pamilya ay tiniis niya upang matustusan rin ang pangangailangan nila. Nagkakilala si Ethan at Joy noong nagkaroon ng double job si Joy sa isang bar kahit na bawal ito sa Hongkong. At dahil rito, araw-araw na kinukulit ni Ethan si Joy hanggang maging malapit ang kanilang loob sa isa't-isa. Batid ni Ethan na aalis si Joy upang tuparin ang kaniyang pangarap na makapag-aral sa Canada ngunit gumawa siya ng paraan para mapabago ang isip nito, gumawa siya ng sarili nyang bar. Ngunit, pinili pa rin ni Joy na tuparin ang kaniyang pangarap.

**Pangkalahatang Impresyon sa Pelikula**

**Musika**

- Ang mga musikang ginamit ay mayroong kaugnayan sa emosyong ipinapadama sa pelikula.
- Ito ay naaangkop sa bawat senaryo at tema ng pelikula
- Ang mga ginamit na kanta katulad ng “Ikaw at Ako”, “Dito ka lang sa Tabi” at “Dahan Dahan Lang” ay umangkop sa pelikula



**Sinematograpiya**

- Ang mga anggulo sa pelikula ay tugma sa bawat eksena, matagumpay nitong naipalabas at nabigyang diin ang mga emosyon ng mga karakter mula sa simuila
- Malikhaing naipakita ang mga eksena at mga emosyon sa mukha ng mga artista

**Banghay ng Pangyayari**

- Sa kabuuan, ang banghay  ng pelikula ay naging maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga scenes at hindi ito mahirap unawain
- Humihila ito ng interes sa mga manonood upang mas lalo itong panoorin at matapos hanggang dulo ng pelikula



**Diyalogo**

- Gumamit sila ng lengguwaheng Filipino upang magsilbing repleksyon sa mga kapwa nating Pilipino na OFW
- Gumamit din sila ng mga bulgar na salita na naangkop naman sa ibang mga scenes.
- Gumamit din sila ng Ingles kapag sila ay nakikipag-usap sa mga foreigners

**Visual Effects**

- Naging makatotohanan ang pananamit at itsura ng karakter ni Kathryn na si Joy Fabrigas dahil wala siay masyadong kaayos-ayos at simple lang ang kaniyang pananamit
- Habang si Ethan na ginanapan ni Alden Richards ay makikitang may mas maayos na pananamit



**Dulog Realismo**

- Ang pelikulang Hello, Love, Goodbye ay ginamitan ng dulog realism pagkat ipinakita rito ang tunay na buhay at paghihirap ng mga pilipinong ofw na nakikipagsapalaran sa ibang bansa upang buhayin ang kanilang pamilya at para maabot ang kanilang pangarap.

**Aral na nais ipabatid**

- Hindi mali at hindi magiging mali na piliin muna ang sarili kaysa sa iba.
- Walang mali na mas mahalin ang sarlili
- Ipinakita rin sa pelikula ang pagsasakripisyo para sa minamahal

